Deklarasyon ng Pagpigil sa "CORONA Harassment"

タガログ語

1 Ano ang “CORONA Harassment”?

Ang COVID-19 ay isang virus na hindi kilala ng sangkatauhan at kinatatakutan ng lahat.

Tanungin mo ang iyong sarili. Nang hindi mo namamalayan, dahil sa takot o hindi makatarungang palagay mo sa sakit na ito, nagkaroon ka ba ng diskriminasyon o tinanggihan mo ang ibang tao?

Ang mga sumusunod ba sa ibaba (CORONA Harassment) ay hindi nangyayari sa paligid mo?

・Ang taong gumaling na sa sakit/ nakalabas na ng ospital ay tinanggihan sa loob ng tindahan at sinabihang “umuwi ka na”!
・Mayroong post sa internet na pinangalanan/ nalaman ang taong naging infected.
・Ang isang restawran ay nasiraan ng tsismis na nagkaroon ng taong infected.

2 Magkaroon ng “Konsiderasyon” at “Pasasalamat”

Kahit sino ay maaaring mahawahan ng COVID-19. Nilalabanan natin ang virus, hindi ang ating kapwa tao.

Magkaroon ng "konsiderasyon" at protektahan natin ang pagkatao ng mga nahawahan. Bilang karagdagan, “pasalamatan” natin ang mga medical staff at mga front liners na lumalaban sa sakit na ito.

Sa ganitong paraan natin pahalagahan ang ating ugnayan sa kapwa tao. Pagtagumpayan natin ang ganitong mga balakid sa ating pagkapwa tao.

○ Ganap na tanggalin ang diskriminasyon sa mga pasyente, close contacts, health care workers at iba pang mga kawani ng medisina, mga dayuhan, mga bisita mula sa ibang lugar, kanilang pamilya at mga establisyemento.

○Ang pagkalat ng maling impormasyon sa impeksiyon (fake) ay hindi mapapatawad. Kung padalos- dalos ito gawin, tulad ng pagpo-post sa SNS, nagdudulot lang ito ng pagkabalisa sa mga tao.

○ Muli nating pasalamatan ang mga taong sumusuporta sa ating panatag na buhay. Una dito ang mga kawaning medikal mga taong kasangkot sa countermeasure laban sa COVID-19, (front liners), food distribution service, daily life security service, atbp.

2020 Setyembre 1

Gobernador at mga Mayor ng 42 Munisipalidad ng Gifu Prefecture